Associazione Nazionale San Rocco Italia

POPULAR POETRY IN HONOR OF SAINT ROCH

TAGÀLOG (PHILIPINO)

Aba matibay na moog
ng taong nagasasalot.
Ampunin mo kami'y kupkop
Roqueng kapalara'y puspos.

Araw na ipinanganak ka
Sa katawan mo'y nakita
Tandang isang krus na maganda,
Buhay mong banal na sadya.
Sa sikmura'y isang krus
Ang ikinintal ng Diyos
Ampunin mo kami'y kupkop
Roqueng kapalara'y puspos.

Pagkawili mong mataman
Sa reina ng kalangitan
Tanang adhika mong asal,
Siya ang tinutularan.
Bata ka pa'y naghahandog
Ampunin mo kami'y kupkop
Roqueng kapalara'y puspos.

Nang ikaw ay maulila
Binahagi mo pagdaka,
Yamang sa dukhang lahat na
Sa ama't ina mo'y mana.
Alab ng sinta sa Diyos
Ang puso mo'y nalilipos.
Ampunin mo kami'y kupkop
Roqueng kapalara'y puspos.

Nagdamit kang peregrino
Aduapendente'y **(1)** tinungo
Doo'y ang natagpuan mo ↗
Namuksang salot sa tao.
Kusa kang nakipanggamot,
Nag-alaga sa nasalot.
Ampunin mo kami'y kupkop
Roqueng kapalara'y puspos.

Ang salot sa iyong harap,
Napapawing agad-agad
Himalang ito'y natatap
Sampong bagsik mo pang lahat.
Ang sa ngalan mo'y tumuos
Gumagaling na tibuhos.
Ampunin mo kami'y kupkop
Roqueng kapalara'y puspos.

Ang sambayanang **Cocena (2)**
Gayon din ang taga-Roma
Sa iyo'y kinamtan nila
Isang bayaning pagsinta
Ng hirap sa mga salot.
Paglipol doon ng salot
Libhang kakilikilabot.
Ampunin mo kami'y kupkop
Roqueng kapalara'y puspos.

Lalaki, babae't bata
Nagsisigaling na pawa
Ang Krus kung iyong itala
Sa damit nila'y ilagda.
Anila'y anghel kang lubos
Nag-aanyong taong busabos
Ampunin mo kami'y kupkop
Roqueng kapalara'y puspos. ↙

./.

Ibiniyo ka ng sinta
Na pasa-bayang **Placencia (3)**,
Pinagaling ang lahat na,
At doo'y nagkasakit ka.
Pinaalis ka't ibinukod
Dahil sa sakit at salot.
Ampunin mo kami'y kupkop
Roqueng kapalara'y puspos.

Sa tahanan mong dampa,
Diyos, ika'y kinalinga,
Gumaling ka kaipala,
Himalang tantong mistula.
May aso na nagdudulot
Kanin mong ikabubusog.
Ampunin mo kami'y kupkop
Roqueng kapalara'y puspos.

Katawan mong natitigib
Ng madlang pagal at sakit
Ibinilanggo at piniit
Sa bintang at maling isip.

Aba matibay na moog
Ng taong nangangasalot. ↗

Limang taon mong sinayod,
Hirap na kalunos-lunos.
Ampunin mo kami'y kupkop
Roqueng kapalara'y puspos.

Ngunit ang Diyos na hari
May layong nakahihili,
Pagsubok sa iyong budhi
Lakas namang di ugali.
Sa pita'y naging bantayog
Sa biyaya ay nalipos
Ampunin mo kami'y kupkop
Roqueng kapalara'y puspos.

Nakita sa isang barlaya
Nalilimbag, natatala
Ngalan mo'y pag sinambitla
Ang salot ay nawawala.
Nang di kami mangasalot
Ngalan mo'y ibinabantog.
Ampunin mo kami'y kupkop
Roqueng kapalara'y puspos.
Ampunin mo kami'y kupkop
Roqueng kapalara'y puspos.
Roqueng kapalara'y puspos.

(1) Acquapendente
(2) Cesena
(3) Piacenza

card by Gian Paolo Vigo - texts from approved liturgical and devotional books

ASSOCIAZIONE NAZIONALE SAN ROCCO ITALIA
Comitato Internazionale Storico-Scientifico per gli Studi su San Rocco e la Storia Medievale

sede legale: Sarmato (Pc) - sede operativa: Voghera (Pv)

corrispondenza: via Cazzaniga angolo via Palestro - 26100 Cremona / tel.-fax-segreteria: +39 0143 689110

presidenza ☎ +39 338 4338619 💻 gpvigo@tin.it - direzione ☎ +39 333 2341591 💻 paoloasca@virgilio.it

Rivista di studi **«Vita Sancti Rochi» -** Caorso / bollettino informatico: **appunti**@sanroccodimontpellier.it

portale Internet: **www.sanroccodimontpellier.it** - posta elettronica: **sanrocco @ email.it**